# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 15, 2021, LUNES, IKA-09:19 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ...... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ...... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ...... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ...... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ...... | PANG. PUNONG BAYAN (nagpaalam) |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 09 MAR 2021 STA. CRUZ, LAGUNA

OFFICE ... DATE 3/12/21 TIME ... STA. CRUZ, LAG...

**KAPASIYAHAN BLG. 087-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 174-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 25-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAMNAPU'T TATLONG LIBO ANIMNARAA'T ANIM NA PISO AT DALAWAMPU'T ISANG SENTIMOS (P93,606.21) MULA SA ISANG BAHAGDAN (1%) PONDO PARA SA SENIOR CITIZENS AFFAIRS AT PERSONS WITH DISABILITY NG BARANGAY GATID.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Gatid para sa Senior Citizens Affairs at Persons with Disability sa taong 2021;

**SAPAGKAT**, ang mga nasabing programa, proyekto at gawain, ayon sa pagsusuri ay tumutugon sa pangangailangan ng mga Senior Citizens at Persons with Disability ng nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 174-T2020/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 25-T2020 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P93,606.21 mula sa isang bahagdan (1%) pondo para sa Senior Citizens Affairs at Persons with Disability ng Barangay Gatid.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 15, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan